# *RENE BOY ABIVA*

Si Rene Boy Abiva / R.B. Abiva / RBA ay nagsusulat ng tula at maikling kuwento sa wikang Iluko at Filipino. Siya rin ay musikero, iskultor, at pintor. Fellow siya ng 58th University of the Philippines National Writers Workshop para sa kaniyang mga tula. Ang *Kapatiran ng Bakal at Apoy: Mga Piling Maikling Kuwento at Dagli* ang pinakahuli niyang libro.

# ANG PAGDATING NG MGA JUAN KRISTO

(HULING PITONG *PARMATA*[1])

I. ANG HULING PAGKALAGAS AT PAG-ALPAS

Magbababagsakan ang mga bulaklak
ng Akasya nang dahan-dahan
na animo'y sunog-baling mga pakpak
na ipinanlaban sa bagwis ng hangin
at grabidad ng mundong nasa puso
ng lasing-baliw na uniberso.

II. ANG HULING PAGSILO

Ang mga luntiang dahon
ay 'di payapang tatabing sa bughaw na langit.
Anong tining at tamis sa pandinig
ang malilikhang tunog mula sa kiskisan
at salimbayan sa isa't isa
sa kailaliman ng malambong na gabi
matapos kalabitin ng mga putikan
at nakakalabaw na mga anghel
ang tansong gatilyo ng karbin at kalashnikov.[2]

III. ANG HULING PAGKUBKOB NG MGA KINULOB

'Di rin magpapapigil ang mga panal[3] sa pakikipagsapalaran.
Kanilang tataluntunin nang paisa-isa
ang malalaki at maninipis na mga sanga

ng magiliw at tahimik na puno ng Nara
na siyang kuta ng mga limbas at agila.

IV. ANG HULING AWIT NG BAYAN, INTERNASYUNAL

Dudupikal ang mga kampana,
aalingawngaw ang mga sirena,
ang mga tore, gayundin ang mga
lumang bandillo sa huling umaga.

V. ANG HULING ALIMBUKAY

Isasaboy ng lupa ang kanyang poot – himagsik
sa langit na ngayo’y gaya sa matandang balon
na inuuod – nilulumot pagkat ‘di gumalaw
sa paglipas ng mga segundo sa bawat araw
ng mga linggo ng mga buwan ng mga taon
ng mga dekada ng mga daantaon ng mga libongtaon.

VI. ANG MGA ALPHA AT OMEGA

Uusbong ang mga Juan Kristo na ‘di ‘sang poon
mula sa pinagsanib na abo’t putik ng kahapon at ngayon,
na nalikha nang magpang-abot ang tubig at apoy
sa pagitan ng papagapang na liwanag at papalahong dilim
sa matris ng naguguluha’t sumasalapisap sa init at lamig

ng mapula’t nag-aalab ngayong daigdig.

## VII. ANG HULING PAGSUKO NG LANGIT

Mangingitim ang buong papawirin
sa pagitan ng papatapos na tag-araw
at papasibol na tag-ulan,
sa palad ng mga dinuhaging bayan
ng Malayong Silangan.
Magwawakas ang mga piping dalangin
at bulag na pangitain
sa sandaling mahimasmasan
ang dagat ng mga alipin.

*Marso 29, 2019*
*Lungsod Quezon, Maynila*

---

1 Parmata – Iluko ng signos at propesiya.
2 Kalashnikov – isang uri ng otomatikong baril.
3 Panal – isang uri ng ibong-bukid.